Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**

Agosto 16, 2022

Para sa : Hepe ng CID
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
at sa iba pang KInauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History , Arts , Culture and Tourism Office ( PHACTO) ay may gaganaping Pandibisyong Writeshop kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Singkaban Festival 2022. Ang layunin ng gawain ay upang makabuo ng learning materials sa ipinamahaging SINEliksik Bulacan Hero Posters para lalo pang mapag-igting ang integrasyon ng lokalisasyon at kontektwalisasyon sa pagtuturo ng kasaysayan.

Ang nasabing aktibidad ay gaganapin sa mga sumusunod na petsa, lugar at dadaluhan ng mga sumusunod na kalahok:

| PETSA | LUGAR | KALAHOK |
|---|---|---|
| Agosto 24, 2022 | Tanghalang Nicanor Abelardo , Hiyas Ng Bulacan Cultural Center | 33 Punongguro ng Paaralang Sentral at mga piling kalahok sa writeshop |
| Agosto 25-26, 2022 | Guiguitno Central School | Mga piling kalahok sa writeshop |

Ipagbibigay alam ang listahan ng mga piling kalahok sa mga PSDS at mga Pandistritong Tagapayo sa Araling Panlipunan.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng bawat dadalo.

Kalakip ng sulat na ito ang sulat paanyaya na nagmula sa Panlalawigang Tanggapan ng Kasaysayan, Sining, Kultura at Turismo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES Ed. D. CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
No. 279 s. 2022

PHACTO RELEASED
DATE: AUG 0 2 2022
CONTROL NO.: ___

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KASAYSAYAN, SINING, KULTURA AT TURISMO

RECEIVED AUG 0 4 2022

Agosto 2, 2022

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
DepEd- Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Sa Atensyon Ni: **Dr. Virgilio L. Laggui**
AP Supervisor

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati sa ngalan ng Kasaysayan at Pamana ng Bulacan!

Mula nang pinasimulan ang SINEliksik Bulacan, naiangat nito ang antas ng kamalayan at pagpapahalaga ng bawat Bulakenyo sa lokal na kasaysayan at pamana ng lalawigan. Ito ay proyekto ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO) na naglalayong maikintal ang pagkamakabayan ng mga Bulakenyo sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga dokumentaryong pelikula, pamanang aklat at poster mula noong 2017 hanggang sa kasalukuyan.

Sa hangarin pong lalong maging kapaki-pakinabang ang mga nalikhang pelikula, aklat at poster sa programang SINEliksik Bulacan, magalang po naming hinihiling na makadalo ang piling manunulat, illustrator at layout artist ng inyong dibisyon sa **SINEliksik Bulacan Writeshop** upang makagawa ng *learning resource materials* para sa pagtuturo ng mga bayaning Bulakenyo sa asignaturang Araling Panlipunan. Ang pagbubukas na palatuntunan ay gaganapin sa ika-24 ng Agosto 2022 sa Tanghalang Nicanor Abelardo, Hiyas ng Bulacan Cultural Center, Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, ganap na ika-9:00 ng umaga at sa Guiguinto Central School sa Agosto 25 at 26, 2022.

Magalang din po namin kayong inaanyayahan sa pagbubukas na palatuntunan para sa opisyal na paglulunsad ng SINEliksik Bulacan sa Eskwelahan kaugnay rin ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Singkaban Festival 2022.